フィリピン（Filipino）版　“MIMITARO”

**Iwinastong Edisyon**

# Mga Estratehiya Tungo sa Pagtupad ng Pangarap (Gabay sa Iba’t-ibang Trabaho)

Shiga Intercultural Association for Globalization
（公財）滋賀県国際協会



**Mga Estratehiya Tungo sa Pagtupad ng Pangarap**

# No.1 Pagpasok ng Trabaho Bilang Nurse

*Ano ba ang iyong pangarap sa hinaharap? Sama-sama tayong gumawa ng mga istratehiya tungo sa pagtupad ng pangarap na ito! Ang ating tema ngayon ay ang "Pagpasok ng Trabaho Bilang Nurse". Ang unang hakbang na dapat gawin ay ang pagtatanung-tanong at pag-iipon ng mga impormasyon mula sa mga lugar na kung saan ang mga nurse ay nagtatrabaho. Una sa lahat, narito ang mga impormasyon ukol sa trabaho ng isang nurse sa prepektura ng Shiga.Sana'y maging maganda ang inyong kinabukasan sa pagkakaroon ng isang mabuting trabaho.*

## Ang Nurse ay Nagtatrabaho sa Ganitong mga Lugar

### *Hokenshi* (Nurse para sa Pampublikong Kalusugan)

***Hoken* Center / *Hokenjo* (Public Health Center)**

Isang pambansang kwalipikasyon (national qualification) na kung saan ginaganap ang pagsasanay sa pangangalaga sa kalusugan. Maaaring makapagtrabaho sa *hokenjo (health center),* mga kumpanya, sa mga ospital at iba pa. Ang trabaho sa health center at sa mga pampublikong opisina ay ang pagsusuri sa kalusugan ng mga sanggol at maliliit na bata at ng mga ina, pagpapayo ukol sa kalusugan ng mga mamamayan, pamamatnubay sa paghadlang sa mga sakit na nagbubuhat sa pang-araw-araw na gawi sa pamumuhay at pamamahala sa kalusugan. Ginaganap rin ang pagsuporta sa pagpapalaki ng bata at pagbibigay ng konsultasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa tirahan ng mamamayan.

Pangkalusugang pagsusuri mula sa mga sanggol hanggang sa matatanda at iba pa, tumutulong din sa pangangalaga sa kalusugan ng mga mamamayan.




### Midwife (Komadrona)

**Ospital/ Klinika/ Maternity Clinic**



Umaalalay po kami sa kalusugan ng mga buntis, mga ina at mga sanggol.



Isang pambansang kwalipikasyon na kung saan bukod sa pagtulong sa panganganak ay inaalagaan rin ang mga buntis at mga bagong panganak na bata, at iba pang pamamatnubay sa kalusugan. Nagpapayo rin ukol sa pangangalaga sa bagong silang, sa di pagkakaroon ng anak ng isang mag-asawa, pagbibinata / pagdadalaga (puberty), menopause, at sa mga nagsasangkot sa kalusugan ng isang babae. Bukod sa pagtatrabaho sa isang ospital o klinika, maaari rin siyang magtayo ng sarili niyang maternity clinic.

### Nars


Isang pambansang kwalipikasyon na kung saan pinangangalagaan at tinutulungan ang mga may sakit, sugatan at mga buntis. Ang pangunahing lugar ng trabaho ay mga ospital, klinika, atbp., subalit lalo pang lumalawak ang kanilang mapagtatrabahuhan na tulad ng mga visiting nurse stations, health facilities para sa matatanda, at mga welfare facilities.

**Bakit di rin ninyo subukang maging isang nars?**



Bumibisita sa bahay at tumutulong sa paggamot sa mga pasyente rito.

**Ospital/Klinika**




**Visiting Nurse Station**



Iba pang lugar na maaaring makapagtrabaho ang isang nars....
- Hokenshitsu (school clinic) ng mga paaralan
- Klinika para sa kalusugan ng mga empleyado ng isang kumpanya
- Unibersidad o nursing vocational school
- Pagiging nurse sa ibang bansa (JICA) at marami pang iba.

## Paraan sa Pagkuha ng Kwalipikasyon ng Isang Nurse






### Listahan ng mga nursing school, training institution sa prepektura ng Shiga

| Klasipikasyon ng mga Paaralan | Kurso | Pangalan ng Paaralan | Lugar |
|---|---|---|---|
| Nursing University | 4 taon | Shiga Ika Daigaku Igaku-bu Kango-gakka | Otsu City |
| | | Shiga Kenritsu Daigaku Ningenkango-gakubu Ningenkango-gakka | Hikone City |
| | | Seisen Daigaku Kango-gakubu Kango-gakka | |
| Nursing Vocational School | 3 taon | Otsu Shimin Byoin Fuzoku Kango Senmon Gakko | Otsu City |
| | | Otsu Sekijuji Kango Senmon Gakko | |
| | | Shigaken Katata Kango Senmon Gakko | |
| | | Kacho Kango Senmon Gakko | |
| | | Kusatsu Kango Senmon Gakko (naka-pending pa ang paghirang bilang isang nursing training school) | Kusatsu City |
| | | Shiga Kenritsu Sogo Hoken Senmon Gakko Kango-gakka | Moriyama City |
| | | Shigaken Saiseikai Kango Senmon Gakko Kango Dai-ichi gakka | Ritto City |
| | | Koka Kango Senmon Gakko | Koka City |
| | | Omihachiman Shiritsu Kango Senmon Gakko | Omihachiman City |
| | | Shiga Kenritsu Kango Senmon Gakko | Nagahama City |
| | 2 taon (preparatory course) | Shigaken Saiseikai Kango Senmon Gakko Kango Dai-ni gakka | Ritto City |
| Practical Nursing Training School | Practical Nursing | Otsushi Ishikairitsu Kango Senshu Gakko | Otsu City |
| | | Toyosato Byoin Fusoku Junkango Gakuin | Toyosato-cho |

**Matrikula (para sa mga paaralan sa prepektura):** Entrance Fee: 56,400 yen, Tuition fee (para sa isang taon): 390,000 yen. Kailangan ding bayaran ang mga aklat, uniporme at iba pa.

**Sistema ng Scholarship / student loan**: Kung nais ng isang estudyante na magtrabaho sa prepektura ng Shiga pagkaraan niyang magtapos, maaari siyang pahiramin ng perang gagastusin para sa kanyang pag-aaral ng walang interes. Mayroong sistema na pagkaraan ng pagtatapos, maaaring hindi na ibalik ang kanyang hiniram na pera kung matutugunan niya ang ilang itinakdang kundisyon. Ang bawat training school, ospital at ang Japan Student Service Organization (JASSO) ay may kani-kaniyang sistema ng scholarship / student loan. Makipag-ugnayan sa kanila para sa mga detalye at impormasyon.

## Mga Estratehiya Tungo sa Pagtupad ng Pangarap
# No.2 Pagiging Isang Guro sa Nursery (Nursery School Teacher)

*Kung ikaw ay may malusog na katawan at pag-iisip at mahilig sa mga bata, bakit hindi ka maging isang guro sa nursery? Ang isang guro sa nursery ay nagtatrabaho bilang tagapangalaga ng mga bata sa mga welfare institutions para sa mga bata. Isa siyang espesyalista sa pagpapalaki sa mga bata na may malalim na pang-unawa sa bawat isa sa kanila. May dalawang paraan para maging isang sertipikadong guro sa nursery. Ang isa ay ang pagtatapos sa isang training institution para sa mga guro sa nursery na kinikilala ng Ministry of Health, Labor and Welfare. Ang isa pang paraan ay ang pagpasá sa ibinibigay na taun-taong pagsusulit ng Zenkoku Hoikushi Yosei Kyogikai (National Nursery School Teacher Training Association) sa bawat prepektura. Ang mga nagtapos sa paaralan na hindi kinikilala ng Batas ng Edukasyon sa Paaralan, o kaya ay mga nagtapos sa paaralan sa ibang bansa na nagnanais na kumuha ng pagsusulit ay kailangang makipag-ugnayan sa tanggapan na namamahala sa pagbibigay ng eksaminasyon. Ayon rin sa batas na ipinatutupad, ang lisensiya sa pagiging guro sa kindergarten at ang sertipikong ito ay magkaiba.*

## Ang Guro sa Nursery ay Nagtatrabaho sa Ganitong mga Lugar

1. Pasilidad na nangangalaga sa mga bata na walang mag-aaruga (nursery school (*hoikuen*), mga kinikilalang kindergarten)
2. Pasilidad kung saan naninirahan ang mga bata (tahanan para sa mga sanggol, bahay-ampunan ng mga bata)
3. Pasilidad para sa mga batang may kapansanan (pasilidad para sa mga batang may kapansanan)
4. Pasilidad na may palaruan ng mga bata (bulwagan para sa mga bata, at iba pa)
5. Pasilidad para sa mga single mother at sa kanilang anak (pasilidad na sumusuporta sa pamumuhay ng mag-ina)
6. Pasilidad sa mga batang may problema sa emosyon at pag-uugali (para sa panandaliang paggamot sa mga batang may problema, pasilidad na sumusuporta para sa mga batang nagsasarili, center na sumusuporta sa mga bata at sa pamilya).

## Paraan sa Pagkuha ng Kwalipikasyon Bilang Isang Guro sa Nursery



**Pagtatapos sa Junior High School**
→ Nakapagtrabaho sa pasilidad ng mga bata ng 5 taon o mahigit pa, nag-alaga ng bata ng may 7,200 na oras

**Pagtatapos sa Senior High School**
→ Nakapagtrabaho sa pasilidad ng mga bata ng 2 taon o mahigit pa, nag-alaga ng bata ng may 2,880 na oras.
→ Nakapag-aral ng mahigit na 2 taon sa unibersidad at may inaasahang halos 62 units na makukuha o kaya ay nakapag-tapos o inaasahang magtatapos sa junior college

→ **Kwalipikasyon para makakuha ng pagsusulit**

→ **Pagsusulit > > > Pagpasa**

**Pagtatapos sa Unibersidad at Junior College**

May 4 na training institution para sa pagiging guro sa nursery sa Shiga:

- Shiga Daigaku Kyoiku-gakubu
- Biwako Gakuin Daigaku
- Shiga Tanki Daigaku
- Shiga Bunkyo Tanki Daigaku

→ **Pagtanggap ng Katibayan bilang Guro sa Nursery > > > Rehistrasyon bilang Guro sa Nursery**

Makaraang makapasa sa pagsusulit at matanggap ang katibayan, magparehistro bilang isang guro sa nursery. Sa Shiga, mayroong employment office na nagsisilbing tagapamagitan sa mga nursery school at mga guro, ang Shiga Prefecture Child-care Association (Shiga-ken Hoiku Kyogikai) na nagpapakilala ng maaaring mapasukan ng walang bayad pagkatapos na magparehistro.

- Para sa mga katanungan at impormasyon ukol sa pagsusulit sa guro sa nursery: Zenkoku Hoikushi Yosei Kyogikai, Hoikushi Shiken Jimu Center (National Nursery School Teacher Training Association, Administration Center of the Nursery School Teacher Examination)
  Tel. 0120-4194-82 http://hoyokyo.or.jp/
- Employment office para sa guro sa nursery: Shiga-ken Hoiku Kyogikai (Shiga Prefecture Child-care Association)
  Tel. 077-516-9090 http://shiga-hoikukyo.jp

# Sa Mundo Ng Globalisasyon

Sa edisyong ito ay tampok ang interview ng Mimitaro sa telepono kay Ginoong Eyzaguirre Nakanishi Mario, na nag-aral at nanirahan sa Shiga at kasalukuyang nagtatrabaho sa Tokyo.



Dumating ako ng Japan noong ako ay 14 na taong gulang mula sa Venezuela, kasama ang aking pamilya. Pumasok ako sa Minakuchi Junior High School subali't may pagkakataon na ako'y nalilito sa dahilang hindi ko alam ang kultura at salita ng bansang Japan. Sa pakikipag-usap, malaki ang naitulong sa akin ng aking guro na magaling sa wikang Ingles. Nang sumunod na taon ay nakapasok ako sa Otsu Seiryo Senior High School kahit na hindi pa ako masyadong nakakaintindi ng wikang Hapon. Ito ay isang senior high school nas may pang-gabing klase. Naranasan ko ang hirap dahil sa ang unang taon ay ginugol ko sa pag-aaral sa bahay tuwing umaga, at sa ika-2 at ika-3 taon, ako'y nagtatrabaho sa umaga at pumapasok sa paaralan sa gabi. Nakakauwi ako sa bahay nang mga alas 11 na ng gabi. Dahil sa walang Japanese language sa pinasukan kong paaralan hanggang nang ako ay nasa 3rd year, nag-aral akong mag-isa ng Nihongo gamit ang aking diksyunaryo. At dahil na rin sa pakikinig sa ibinigay na payo ng aking guro, nagpasya akong mag-aral sa Kyoto University of Foreign Studies at nag-major sa Ingles pagkaraan kong magtapos.

Nang ako ay nasa 3rd year sa unibersidad, nagpahinga ako sa pag-aaral nang isang taon para magtrabaho bilang staff nang International Exchange sa Koka City. Ang aking trabaho ay bilang isang interpreter at translator ng wikang Ingles, subalit sa dahilang hindi naman ako native speaker, may pagkakataon na ako'y pinagpapawisan nang matindi. Nagkaroon ako ng pagkakataon na maging accompanying attendant sa Michigan at dito'y nagkaroon ng iba't-ibang karanasan. Ito ang naging unang hakbang sa aking international career. Nang bumalik ako sa pag-aaral sa university, naging educational supporter ako para sa wikang Kastila sa prepektura ng Shiga. Nauupo ako na kasama ng mga dayuhang estudyante at tinutulungan ko sila sa pag-aaral. Minsan nahihirapan akong makitungo sa mga estudyanteng nasa edad ng pagri-rebelde. Subalit, binabalikan ko na lang minsan ang aking sariling naging karanasan. Kaya't naging maganda at masaya ang mga alaala ng ginugol kong mga oras na kasama ang mga bata.

Pagkatapos ko ng pag-aaral sa university, ay nagtrabaho ako sa mga malalaking kumpanya ng serbisyo sa pagkain upang mapalawak ang kanilang negosyo sa ibang bansa. Dito ay naranasan ko ang mga kulturang sa mga kumpanyang Hapon na naiiba, tulad ng pagkakaiba ng pag-trato ayon sa posisyon ng tao sa loob ng kumpanya (hierarchical relationships) at ang importansiya ng magandang pagsasamahan. Nagtrabaho ako bilang tagapamahala sa isang restaurant at natuto ako dito nang maigi. Subalit dahil sa ang aking gustong gawin ay wala sa pamamahala ng pagkain, tumigil ako sa trabahong ito at pumasok sa ibang trabaho.

Sa ngayon, ay nagtatrabaho ako sa "DAIJOB", isang online company na espesyalista sa mga bilingual services, na tumutulong sa mga taong gustong lumipat ng ibang trabaho. Ang "Daijob" ay sumusuporta sa mga taong nagtatrabaho sa mga global companies at kasalukuyang may mga anunsiyo nang mahigit sa 90,000 na trabaho sa mga foreign affiliated companies o kaya ay sa mga may opisina sa ibang bansa, at may 3,8000,000 kataong nakarehistro. Nagtatrabaho ako sa kumpanyang ito bilang isang sales person, naghahanap ng mga kumpanya sa Japan at ibang bansa na naghahanap ng mga "bilingual" na tao. Ang iba kong mga kasamahan ay mga Amerikano, na nakakapagsalita ng wikang Intsik, Ruso, bukod pa sa sarili nilang wikang Ingles. Gumagamit naman ako ng wikang Kastila at Ingles sa aking trabaho. Sa lahat ng larangan (fields), ang globalisasyon at pangangailangan sa mga bilingual na tao ay lalo pang nadaragdagan. Kaya't sa aking palagay, ang aking trabaho ay napakahalaga, at sa pamamagitan ng trabahong ito, gusto kong makatulong sa mga dayuhang naninirahan sa Japan na magkaroon nang pagkakataon na magkaroon ng magandang trabaho.

Kung ako ay magbabalik-tanaw, nais kong pasalamatan ang aking guro sa kanyang mga payo na naging daan upang ako ay magdesisyon na tahakin ang landas na ito na siyang dahilan kung paano ako nakapag-trabaho nang katulad ng trabaho ko sa kasalukuyan. May mga magulang ng dayuhang mga estudyante na halos walang kaalaman at hindi naiintindihan ang lipunan ng Japan at ang sistema sa paaralan. Sa aking naging sitwasyon, ang payo ng aking guro ang siyang naging daan upang ako ay makapagpatuloy sa pagpasok sa senior high school at sa unibersidad. Mula pa noong ako'y bata ay pinangarap ko na ang makapagtrabaho sa larangang may kinalaman sa global na larangan at maging isang taong bukas ang kaisipan, kaya't araw-araw akong nagsusumikap sa kasalukuyan. Para sa mga kabataan ngayon, huwag sana kayong sumuko sa inyong mga pangarap. Gawin ninyo ang lahat upang ito ay magkaroon ng katuparan.

Sa ngayon, ako ay nagtatrabaho sa Japan, subalit kung papasok ako sa mundo ng globalisasyon, hindi ko mahuhulaan kung saan ako maninirahan sa hinaharap. Ang aking selling point: isa akong Venezuelan na nanirahan sa Japan nang 11 taon. Minsan, hindi ko alam kung ano ang aking nasyonalidad, subalit sa aking palagay, walang anumang problema dito.

# No. 3 Care Worker (Caregiver)

Dahil sa pagtaas ng bilang ng mga matatanda sa Japan, kinakalkulang isa sa tatlong mamamayan ay nasa edad na 65 sa taong 2035. At dahil sa pag-unti ng populasyon, ang seguridad sa trabaho ng mga magiging tagapag-alaga ng matatanda (care worker) ay nagiging isang mahalagang paksa, at ang pangangailangan ng mga care worker ay lalo pang nadaragdagan.

Upang makapagtrabaho bilang isang care worker, mahalaga ang pagkakaroon ng interes sa "pakikihalubilo sa ibang tao". Ito ay sa dahilang, nasasangkot sa trabahong ito hindi lamang ang matatanda at mga may kapansanang gumagamit ng serbisyo, gayun din ang kanilang pamilya, at sa dahilang kailangan ang pagtutulungan o teamwork sa trabaho, hindi maiiwasan ang pakikisama sa mga ka-trabaho kasama na ang mga nakataaas at mga kasamahan, at iba pang mga espesyalista sa larangan. Kinakailangan din ang kaalaman at mga technique ukol sa pag-aalaga (caregiving), social welfare, kaalaman sa mga larangan na may kinalaman sa pagiging care worker sa kalusugan, medisina, atbp. Ang "kawalan ng isang katibayan o sertipiko ay hindi dahilan upang hindi makapag-trabaho bilang isang care worker", subalit upang magkaroon ng magandang trabaho, mas mabuti ang magkaroon ng sertipiko para sa isang care worker. Ang pangunahing sertipiko para dito ay ang pambansang kwalipikasyon na tinatawag na "Kaigo Fukushi-shi". Ang mga panimulang pagsasanay upang makapagtrabaho bilang isang care worker ay ang "Home Helper Yosei Kenshu (home helper training)" at "Kaigo Shokuin Kiso Kenshu" (basic training for care workers).

## Ang Care Worker ay Nagtatrabaho sa Ganitong mga Lugar

- ✓ Bilang care worker sa mga social welfare institutions para sa mga matatanda at mga may kapansanan.
- ✓ Pagbisita sa bahay ng mga matatanda o mga may kapansanan upang mag-alaga o kaya ay tumulong sa kanilang mga pang-araw-araw na pangangailangan bilang isang "home helper".

### Paraan ng Pagkuha ng Pambansang Kwalipikasyon at Muling Pagsasanay para sa Care worker

(* Sumangguni sa sumunod na pahina)

Sa layuning makapagbigay ng mataas na kalidad at matatag na serbisyo, ang pamamaraan ng pagkuha ng katibayan o sertipiko at ang pagsasanay sa pagiging care worker ay muling sinuri. Mula noong taong 2013, ito ay ipinatupad nang hinati sa antas o ranggo kaya't dapat na alamin ito ng mga nagnanais na magtrabaho bilang care worker.

1. Mula Enero, taong 2016 ang "Kaigo Fukushi-shi Kokka Shiken (National Examination Para sa mga Care worker)" ay ginawa nang kompulsaryo (compulsory).

Sa kasalukuyan ay may 2 paraan para makakuha ng sertipiko bilang care worker (1) Magtapos ng kurso sa kinikilalang training school, (2) Karanasan ng 3 taon o mahigit pa ng pagtatrabaho sa mga institusyon bilang care worker at pagpasa sa National Qualifying Examination. Ang sumusunod ang mga naging pagbabago simula nang Enero 2016:

(1) Para sa mga nagtapos ng kurso sa isang kinikilalang training school

Ang nag-aral at nakapagtapos sa isang kinikilalang training school ay kailangan ding pumasa sa national examination para mabigyan ng sertipiko. Noong una, ang mga mag-aaral ay binibigyan agad ng sertipiko kapag nakatapos sa mga kinikilalang training schools kahit hindi na kumuha ng eksaminasyon.

(2) Para sa may mga karanasan ng 3 taon o mahigit pa ng pagtatrabaho sa mga institusyon bilang care worker:

Para makakuha ng eksaminasyon upang makakuha ng pambansang sertipiko, kailangang may karanasan ng 3 taon o mahigit pa ng pagtatrabaho sa mga institusyon ng care workers, at idinagdag pa rito ang pagtatapos sa isang ibinibigay na special training.

2. Basic Training ("Shoninsha Kenshu") at Specialist Training ("Jitsumusha Kenshu")

Mula 2013, ang home helper level 2 ay naging isang basic training at ang programa sa home helper level 1 at 2 ay pagsasamahin para sa kurso ng specialist training. Ang mga nakapagtapos na ng level 1 at 2 ay magiging exempted sa mga aralin na napag-aralan o nakuha na kapag nag-enrol sa specialist training.

* Sa mga nagtapos ng senior high school na may kinalaman sa social welfare (kasama na ang major course), magbabago ang batayan sa kwalipikasyon sa pagkuha ng eksaminasyon depende sa taon ng pagpasok sa paaralan kaya't ito ay mahalagang alamin.

# Paraan sa Pagkuha ng Kwalipikasyon Bilang Isang Care worker (Kaigo Fukushi-shi)

## Kasalukuyang Kurso

**Care Worker**

National Examination para sa Care Worker

3 taon o mahigit na karanasan

- Nagtapos ng basic training para sa care worker
- Nagtapos ng home helper level 1 training
- Nagtapos ng home helper level 2 training
- Mga walang sertipiko / walang karanasan

Pagtatapos

Training school para sa care worker
(Training school sa prepektura ng Shiga)
- Biwako Gakuin Daigaku Tanki Daigakubu
- Kacho Shakai Fukushi Senmon Gakko



## Binagong sistema

**Care Worker**

National Examination para sa Care Worker

3 taon o mahigit na karanasan

Nagtapos ng specialist training
(450 hrs. / 6 na buwan o mahigit pa)

Nagtapos ng basic training (130 na oras)

Training school para sa care worker

* Ibabawas ang 130 hours buhat sa 450 hours sa mga natapos na ng basic training.

* Para sa detalye, bisitahin ang website ng "Shakai Fukushi Shinko, Shiken Center"　http://www.sssc.or.jp/kaigo/index.html

Mga Estratehiya Tungo sa Pagtupad ng Pangarap

# No. 4 Pagtatrabaho na Gamit ang Wika (Language)

*Kung ikaw ay may interes o kaya ay may kakayahan sa mga banyagang wika, bakit hindi mo gamitin ang kagalingang ito sa pagtatrabaho? Maaaring maging interpreter kung mahilig sa pakikipag-usap, kung sa pagbabasa at pagsusulat naman, ay isang translator. O kaya naman, maaari ring gamitin ang kaalaman sa wika upang magtrabaho sa mga kumpanya o pang-gobyernong ahensiya, o mga ahensiyang pandaigdig, atbp. Ang isang language specialist ay hindi lamang basta magaling sa ibang wika, kinakailangan ding mataas ang antas ng kakayahan sa wikang Hapon. Kailangan din ang malawak niyang kaalaman sa mga kahulugan sa likod ng mga salita na nakapaloob sa kundisyon at kultura ng kani-kaniyang bansa at sa pagkakaroon ng pag-unawa sa mga mamayan nito. Sa panahon ngayon sa pagsulong ng globalisasyon, nangangailangan ng mga may abilidad sa wika sa sari-saring larangan na mag-uugnay sa mga tao ng iba't-ibang bansa. Kung mayroon ka pang maidaragdag na technical skill o specialized field bukod sa abilidad sa wika, mas lalo pang lalawak ang iyong pagkakataon sa trabahong maaari mong pasukin.*

## Mga Trabahong Maaaring Gamitin ang Kakayahan sa Wika

### 1. Bilang Foreign Language Specialist

Ang isang interpreter at translator ay maaaring maging isang freelancer, na magtatrabaho ayon sa kahilingang matatanggap niya o maaaring mapailalim sa isang kumpanya bilang isang empleyado.

#### Bilang Interpreter

・Conference interpreter, judicial interpreter (sa korte, atbp.), police interpreter
・Business interpreter
- sa mga negosasyon, pagpupulong, pagbisita sa mga kumpanya

・Guide Interpreter
・Escort interpreter
- sumasama sa mga pulitiko, atleta, at iba pa

・Interpreter para sa mga dayuhang naninirahan sa Japan
- sa paaralan, ahensiya ng gobyerno, ospital, at iba pa

*Kinakailangan ang mataas na abilidad sa pag-intindi at pakikipag-usap gamit ang foreign language at native language, gayundin ang mahinahon at wastong pagsasalin o translation.

#### Bilang Translator

・Business translator
- dokumento sa opisina, electrikal, mekanikal, kemikal, medikal, ekonomiya, at mga may kinalaman sa IT

・Literary translator
- nobela, sanaysay (essay), at iba pa

・Visual media translator
- caption sa TV o sa pelikula

**Kinakailangan ang magaling na pang-unawa sa pagbabasa, pagpapahayag (expression) sa pagsulat, gayundin ang pagiging mapili sa gagamiting salita.

#### Bilang Foreign Language Teacher

Guro sa paaralan, language class sa loob ng isang kumpanya, culture school, at iba pa
*Kinakailangan ang kakayahan sa pakikipag-usap sa ibang tao at pagpapaliwanang.



### 2. Paggamit ng Kakayahan sa Foreign Languages

#### Bilang Empleyado

Mga nakatalagang empleyado ng isang business firm sa ibang bansa, bangko, manufacturing company, kumpanya ng diyaryo, atbp., mga hotel, foreign-affiliated firm, trading company, airline company, information, distribution company, atbp.

*Kinakailangan ang pagkakaroon ng kooperasyon at malawak na kaalaman sa loob ng kumpanya. Ang pagsasakatuparan ng mga tungkulin sa trabaho ay binibigyang-halaga. May pagkakataon na kakailanganing mag-aral pa ng ibang wika depende sa pinasukang trabaho.

#### International civil servant sa mga pandaigdig na organisasyon, pandaigdig na grupong NGO, global cooperation / international exchange / mga organisasyon na tumutulong sa mga dayuhan.

UNHCR, UNICEF, WHO, JICA, AMDA, mga international exchange organization, at iba pa.

*Kinakailangang marunong ng pakikibagay (flexibility), kooperasyon, at pamumuno sa mga dayuhan. Maaaring bukod sa espesyalisasyon ay kailanganin rin ang kaalaman sa wikang Ingles depende sa klase ng magiging trabaho.



# Paraan upang Makapag-trabaho ng may Kinalaman Sa Foreign Languages

## ☆ Upang Maging Isang Interpreter/ Translator

Dahil sa ang interpretation at translation ay isang trabaho na binabatay sa kakayahan ng isang tao, wala itong nakatalagang kurso na dapat kunin. Ang sumusunod ay isang halimbawa.

- Mag-aaral ng foreign languages sa vocational college, junior college, university, graduate school
- Mag-aaral ng pagiging interpreter / translator sa isang training school para rito
- Mag-aaral sa ibang bansa o sariling pag-aaral (self-education) ng foreign languages

⇩

Kukuha ng sertipiko sa National Interpreter's Guide, Foreign Language Test, Japanese Language Proficiency Test at mag-aaral ukol sa larangan ng trabahong nais na pasukan.

⇩

- Magpaparehistro sa mga kumpanya ng interpretation / translation ⇩ Magtatrabaho bilang freelancer na interpreter / translator
- Mag-a-apply sa mga kumpanyang naghahanap ng mga interpreter / translator ⇩ Magtatrabaho bilang isang interpreter / translator ng isang kumpanya

## ☆ Paano Maging International Civil Servant

University

- ⇩ Graduate school (Kinakailangan kung magiging isang specialist. Mga specialized field maliban sa Literature, Foreign Languages, Arts at Physical Education) ⇩ Pagpasa sa Roster registration system examination (Recruitment Center for International Organization, MOFA) ⇩
- ⇩ Pagpasa sa recruitment examination para sa ahensiya ng bawat bansa (para sa karaniwang kawani, tatanggapin ang mga taga-lokal) ⇩

Mag-aral ng isa pang wika bukod sa Ingles.

May karanasan bilang isang espesyalista sa isang larangan at pagiging isang volunteer, at iba pa.

**International Civil Servant**

### Information Corner

★ Bilang national qualification, may "Interpretation Guide" sa mga salitang (English, Spanish, French, German, Chinese, Italian, Portuguese, Russian, Korean, at Thai). Japan National Tourism Organization, Business Alliance Department, Interpretation Guide Examination Tel 03-3216-1903 http://www.jnto.go.jp/jpn/interpreter_guide_exams/index.html

★ Certifying examination for language (Practical English Proficiency Test, the UN Association's Test of English, Diplom Deutsch, Official Evaluation of Spanish Language Knowledge, Test of Chinese Proficiency, Badan Pengembangan dan Pembinaan Bahasa, Test of Russian as a Foreign Language, The Korean Language Proficiency Test, Proficiency Certificate for Portuguese Language for Foreigners, at marami pang iba.)

★ Para sa mga hindi Nihongo ang katutubong salita, makabubuting kumuha ng Japanese Language Aptitude Test certificate -http://www.jlpt.jp/ at ng Japanese Language Proficiency Test - http://www.nihongokentei.jp/

★ Para sa mga impormasyon sa recruitment ng mga international organizations: Recruitment Center for International Organizations, MOFA http://www.mofa-irc.go.jp/ Participatory network for expert recruitment http://partner.jica.go.jp/RecruitSearchForPrsn

★ Mga universities at vocational colleges na sakop ng Kansai na may departmento ng foreign languages: (Maaaring maiba ang mga kurso ng bawat isa depende sa paaralan.)
・Osaka University School of Foreign Studies ・Kyoto University of Foreign Studies ・Kansai Gaidai University
・Kobe City University of Foreign Studies ・Kyoto Sangyo University ・Osaka Gakuin University ・Tenri University
・Kansai University ・Kansai Gaidai College ・Osaka College of Foreign Languages ・Kansai Gaigo Senmon Gakko
・Kyoto Career College of Foreign Languages, at iba pa.

 **Pagiging Isang Food Professional**

Sa iba't-ibang panig ng mundo ay may mga kultura ng kani-kaniyang sariling putahe at iba't-ibang pamamaraan ng pagkain. Ang pagkain ay isang napaka-importanteng gawain at pinagmumulan ng malaking kasiyahan ng isang tao. Kaya napakalaking bahagi ng mga aktibidad sa lipunan at ekonomiya ay may kaugnayan sa pagkain. Lalo na sa kasalukuyan, nadaragdagan ang pagtuon sa pagsulong ng mga kababaihan sa lipunan, sa nagkaka-edad na populasyon, at sa mga pagkain para sa mga health-conscious. Lumalaganap ang market sa food service industry at take-out na pagkain. Ang mga propesyonal sa pagluluto ay hindi lamang nakatuon sa pagluluto kundi pati na rin sa iba't-ibang larangan ukol sa nutrisyon at paggawa ng pagkain. Ang trabahong ito ay nagdadala ng kasiyahan sa tiyan at puso ng mga tao. Tingnan natin kung anu-anong trabaho ang mayroon!

## Mga Larangan kung saan Nagtatrabaho ang mga Propesyonal sa "Pagkain"

### 1.Bilang Tagapagluto ng"Pagkain"

Gumagawa ng masasarap na pagkain gamit ang kahusayan, "sense" at araw-araw na pagsisikap (effort).

▼Cook (Tagapagluto)

Isang dalubhasa sa pagluluto. May tagapagluto ng Japanese, Western, Chinese, dalubhasa sa sushi at iba pang mga espesyalista sa pagluluto. Bukod sa masarap na pagluluto, kailangan ring may pagka-orihinal at husay sa pag-aayos ng inihaing pagkain. Maaaring kailanganin ang kwalipikasyon bilang lisensiyadong "chef" depende sa pagtatrabahuhan. Sila ay naghahain ng masasarap na pagkain sa mga restawran, hotel, ospital at iba pang pasilidad.



▼Pastelerya(Patissier)

Propesyonal sa larangan ng paggawa ng mga minatamis at dalubhasa sa mga pamamaraan sa paggawa ng Western-style confectionery at dessert. Kinakailangan dito ang pagiging malikhain at ang magaling na technique. Ang pagkakaroon ng sertipiko ng "confectionery hygiene master" (*seika eisei-shi*) ay magpapatunay ng kasanayan dito.

▼ Baker

Propesyonal sa paggawa ng tinapay. Hindi lamang mahalagang masarap ang nilutong tinapay, kailangang ito ay orihinal rin. Ang pagkakaroon ng sertipiko ng "licensed baker" (*pan seizo ginoshi*) ay maaaring magpatunay ng kasanayan dito

### 2. Bilang Tagapagsilbi ng "Pagkain"

Propesyonal sa serbisyo na nagsisilbi nang may pag-aalala sa mga parokyano. .

▼Sommelier / Bartender

-Ang sommelier ay may kaalaman ukol sa wine at siyang nagrerekomenda sa mga parokyano sa mga restawran o hotel ng wine na naaayon sa kanilang panlasa o sa nababagay para sa kanilang pagkain.
-Ang bartender ay isang "creator" o tagalikha ng alak sa mga bar at lounge na naaayon sa panlasa ng parokyano.

▼ Waiter/ Waitress

Espesyalista sa serbisyo ng pagbibigay kasiyahan sa mga parokyano sa kanilang pagkain sa mga restawran , atbp. Kung maidaragdag pa rito ang pagkakaroon ng karanasan, maaaring makakuha ng sertipiko sa " restaurant service".

### 3. Bilang Tagapagtaguyod ng Pagkain para sa Kalusugan

Nagbibigay-payo ng kanyang malawak na kaalaman ukol sa nutrisyon.


▼Nutritionist (Eiyoshi) / Registered Nutritionist

Isang propesyonal na nag-iisip ng pang-araw-araw na pagkaing pangkalusugan batay sa pag-aaral ng nutrisyon. Gumagawa ng mga menu na may balanseng nutrisyon sa mga ospital, paaralan, nursery school at pasilidad ng social welfare, atbp at gumagabay sa kanilang pangangailangan sa nutrisyon. Ang mga may kwalipikasyon ng pagiging isang "national registered nutritionist"ay maaaring mamahala ng mga menu na batay sa mga patnubay ng pangkalusugan at nagsisikap na mapabuti ang nutrisyon ng mga pasyente. Mayroon ding nagtatrabaho bilang tagapagsaliksik (researcher) ng mga kumpanya sa pagkain, unibersidad o mga laboratoryo.

### 4.Bilang Tagapangasiwa ng "Pagkain"

Nangunguna sa napapanahong uso, gamit ang kaalaman at "sense" ukol sa pagkain

▼Food Coordinator



Pangkalahatang pinag-uugnay ang iba't-ibang natatanging larangan sa pagkain. Nasasangkot sa lahat ng may kinalaman sa food business tulad ng pagpapaunlad ng mga produkto sa pagkain, pagpapaunlad sa mga menu sa restawran, pagbibigay–payo sa pagpapalaganap ng pagbebenta ng produkto, at pag-aayos ng hapag-kainan. Kinakailangan ang malawak na kaalaman ukol sa pagkain at may "business sense". Naghahanda rin ng pagkain at ng "table coordination" para sa photography at filming.

# Mga Hakbang Tungo sa Pagiging Isang Food Professional

## ☆ Upang Maging Isang Cook…

Hindi kailangang magkaroon ng isang sertipiko upang maging isang cook, subalit mas madaling makakapagtrabaho kung mayroon nito. Maaaring magtrabaho muna sa isang restawran at matuto nang unti-unti sa mga pamamaraan at pamamahala buhat sa mga nakakaalam at pagsikapan na maging isang top chef sa larangan ng pagluluto.



◆ **Pagsasanay sa restawran at iba pa**

◆**Junior/Senior High school** (cooking course, atbp.) Sa Shiga: Ayaha Koto Gakko Shokumotsu chori-ka


◆ **Training school para sa mga chef**
Sa Shiga.: Shigaken Chori Tanki Daigaku-ko Senmon-katei chori gijutsu-ka

**Apprentice** (2 taon o mahigit pa) **-->** **pagpasa sa pagsubok bilang chef**

**Chef**

**Pambansang eksaminasyon sa pagiging Specialist Chef / Licensed Chef** *(mahigit 8 taon na karanasan, 3 taon o mahigit na pagkakaroon ng lisensiya)*

**Pag-iipon ng puhunan at pagbubukas ng sariling restawran**



## ☆ Upang Maging Isang Nutritionist / Registered Nutritionist...

◆ **Training Facilities Para Sa Nutritionist**
Sa Shiga: Shiga Tanki Daigaku Seikatsu Gakka
School terms: 2 taon / 3 taon / 4 na taon


◆ **Training Facilities Para Sa Registered Nutritionist**
Sa Shiga: Shiga Kenritsu Daigaku Ningen Bunka Gakubu Seikatsu Bunka Gakka
School term: 4 na taon

**Upang Maging Isang Lisensiyadong Nutritionist**

3 taon o mahigit na karanasan

2 taon o mahigit na karanasan

1 taon o mahigit na karanasan




**Pambansang Eksaminasyon Para Sa Isang Registered Nutritionist**

**Maaaring magtrabaho sa ospital, welfare facilities, paaralan, health offices, pribadong kumpanya, at iba pa.**

**Maaaring maging freelancer**

**Maaaring maging tagapagsaliksik (researcher) o isang guro**

### ☆ Kung nagbabalak na magbukas ng sariling restawran! — Kailangan ang abilidad sa pamamahala —

*Ilarawan sa inyong isipan kung anong uri ng restawran ang nais na buksan! Ano ba ang selling point? Ang magiging mga kostumer? Ano ang uri ng mga pagkain?

Kailangang suriin ang tiyak na lokasyon, business style, pangangalap ng mga kostumer, menu, serbisyo, magkano ang kailangang pondo, pamamaraan ng pag-i-stock ng mga supply, atbp.!

*Kung nakapag-desisyon na ng bubuksang restawran, kailangang magkaroon ng business permit at ng permiso para sa food sanitation management sa isang health center. Maaaring kailanganin ang kumonsulta ng maaga sa health center para sa mga kagamitan. Bukod pa rito, kailangang dumaan sa iba't-ibang proseso tulad ng pagpapasa ng abiso ukol pagsisimula ng negosyo sa tax office, pagpapasahod sa mga manggagawa, seguro sa kawalan ng trabaho, social insurance, at iba pang mga patakaran. Kakailanganin rin ang mag-abiso sa pulisya kung magbebenta ng inuming nakalalasing.

Mga Estratehiya Tungo sa Pagtupad ng Pangarap

# No. 6 Ang Trabaho Bilang Isang Counselor (Tagapagpayo)


*Dahilan sa pagiging industriyalisado ng lipunan ng mga nakaraang taon, naging mahina ang pagkakabigkis ng tao sa kanyang kapwa tao, at sa kalikasan, kung kaya't dumami ang mga may problema sa puso at isipan dahil sa iba't-ibang kadahilanan na tulad ng stress. Ang problema ay likas na kasama na sa ating buhay, subalit sa panahong napakabigat ng dinadalang problema, sa kahit na anumang sugat ng damdamin, naririyan ang isang counselor upang ikaw ay pakinggan at tulungan. Kahit na sa oras ng kalamidad o kaya ay isang insidente, at iba pang kadahilanan, maaasahan natin ang isang counselor. Lalo pang lumalawak ang sinasakop ng kanyang* trabaho*. Ang isang counselor ay gumagamit ng psychology upang lunasan ang mga alalahanin at sakit na pang-kaisipan. Sila ay nagdadala ng isang napakalaking responsibilidad na maaaring sumukat sa kanyang naging karanasan sa buhay, sa kanyang kakayahang magpaubaya sa kapwa at sa kanyang personalidad. Walang national qualification para rito subali't may ilang sertipiko na maaaring magpatunay ng kanyang kaalaman, pamamaraan at karanasan. Bukod sa pangunahing sertipikong "certified clinical psychologist" (Rinsho Shinrishi), mayroon ding tinatawag na "industrial counselor" at "psychological counselor" para sa mga empleyado, at "clinical developmental psychologist" at "special educational needs specialist" para sa mga bata.*

## Saan Nagtatrabaho Ang Isang Counselor

**- Ang isang certified clinical psychologist ay nagbibigay ng psychological test, interview at ng serbisyo sa komunidad na may kinalaman sa clinical psychology. -**

▼Sa larangan ng medisina / pangangalaga ng kalusugan

Tinutulungan ang mga pasyente sa pamamagitan ng counseling sa psychiatric department, psychosomatic medicine, at counseling room sa mga ospital, mental health & welfare center, health center, rehabilitation center, atbp. Tinutulungan ang mga pasyenteng may mabigat na karamdaman na malunasan ang pagkabigla ("shock") sa pagkakaalam ng kanilang sakit at pinabubuti pa ang pagkakaunawaan ng mga pasyente at ng ospital.



▼Sa larangan ng edukasyon

Sa mga education center at educational guidance room ng lokal na gobyerno at sa counseling room ng mga unibersidad, atbp. Sa elementarya, junior at senior high school bilang school counselor. Nagbibigay-payo ukol sa bullying, hindi pagpasok sa paaralan, suliranin ng mga estudyante, at nagbibigay ng payo sa mga guro at magulang. Mahalaga ring trabaho ang paglutas ng mga problema sa paaralan na maaaring matuklasan sa pamamagitan ng counseling.

▼Sa larangan ng trabaho / industriya

Sa consultation room o kaya ay sa health management office ng isang kumpanya, Hello Work, vocational training center para sa may mga kapansanan. Ginaganap ang counseling upang maging malusog ang isip at katawan ng mga taong nagtatrabaho, tulad ng ukol sa mga problema sa loob ng kumpanya na sangkot ang mga empleyado, tulungang makabalik sa trabaho ang mga taong may suliraning pang-kaisipan at maunawaan ang kanilang sarili.

▼Sa larangan ng social welfare


Sa child consultation center, women consultation center, rehabilitation consultation center, welfare center for disabled persons, child welfare institution, atbp. May counseling para sa mga taong madaling magkaroon ng mental problem na may kinalaman sa lipunan. .

▼Sa hukuman / pagtutuwid sa mga nagkasala

Sa counseling room ng family court, juvenile center, juvenile reformatory, kulungan, pulisya, atbp. Nagbibigay ng psychological diagnosis sa mga taong nasasangkot sa mga insidente at counseling para sa mga taong may suliraning pang-kaisipan upang makapamuhay muli ng normal sa lipunan.

▼Sa mga magsisimula ng pagtatrabaho

Nagbibigay-payo sa sa mga suliranin ng iba't-ibang tao sa isang lokal na komunidad.



### ☆ Upang Maging Isang Clinical Psychologist (Counselor)…

Ang “Certified Clinical Psychologist” ay isang sertipiko na pinagkakaloob ng Foundation of the Japanese Certification Board for Clinical Psychologists na may pahintulot ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science & Technology. Kailangang mag-aral ng Psychology sa isang unibersidad o graduate school.

◆ 4 na taon sa University
Psychology / iba pang kurso o major na may kinalaman sa psychology

- ◆ Clinical Psychology sa isang itinalagang graduate school (Class 1) ** Specialized Graduate School para sa Clinical Psychology
- ◆Clinical Psychology sa isang itinalagang graduate school (Class 2) → Mahigit sa 1 taon na karanasan sa Clinical Psychology
- ◆ Kursong may kinalaman sa Psychology major sa isang graduate school → Mahigit sa 2 taon na karanasan sa Clinical Psychology
- Mahigit sa 5 taon na karanasan sa Clinical Psychology

◆ Lisensiyadong propesyonal sa medisina → Mahigit sa 2 taon karanasan sa Clinical Psychology

**Eksaminasyon sa pagkuha ng sertipiko**

↓

**Sertipikadong Clinical Psychologist**


* Ang mga kursong may kaugnayan sa psychology ay ang “Human Science”, “Education”, “Child Studies”, “Sociology”, “Developmental Science”, “Health Science”.

** Itinalaga ng Foundation of the Japanese Certification Board for Clinical Psychologists ang mga graduate school na pinagbukod sa Class 1 at Class 2. Sila ay nakatupad sa mga kinakailangan upang maging isang graduate school sa pag-aaral ng clinical psychology.

## Konsultasyon sa mga mental problem …

**Developmental Disorder / Autism, atbp.**

*1 Ang developmental disorder ay ang mga laganap na developmental disorder (Autism), learning disability, attention-deficit hyperactivity disorder, atbp., na sangkot ang hindi tamang paggana sa pag-unlad ng utak. Ang mga batang may developmental disorder ay nahihirapan sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao at sa pakikipag-komunikasyon. Mayroong ding mga bata na may natatanging kakayahan. Dahil dito, nahihirapan ang iba na sila ay unawain dahil sa hindi balanse ang kanilang pagkilos.



- Para sa mga maliliit na batang may developmental disorder: sa kani-kanilang health center
- Para sa mga matandang (adult) may developmental disorder: Shiga-ken Hattatsu Shogai Shien Center “IBUKI”.

[Para sa reserbasyon] Tel: 0749-52-3974 (Lunes ~ Biyernes 9:00am~4:00pm)



Konsultasyon para sa mental health at adolescent psychiatry (pagkalulong sa alak o sa pagkain, hindi pagpasok sa paaralan, relasyon sa ibang tao, pagkukulong sa kwarto o bahay, iba pa).

-Kani-kaniyang health center
-Mental Health & Welfare Center



- Mental Health Consultation (Interview) **Tel: 077-567-5010 (Lunes~Biyernes, 9:00am~4:00pm)**
- Social Withdrawal Support Center (mahigit 15 ang edad) **Tel: 077-567-5058 (Lunes~Biyernes, 9:00am~4:00pm)**
- Konsultasyon sa telepono ukol sa mga problema ng isip at damdamin **Tel:077-567-5560 (Lunes~ Biyernes, 10:00am~12:00 tanghali, 1:00pm~9:00pm)**

Espesyalistang mga ospital para sa karamdaman sa pag-iisip, pagkalulong sa alak, at mga emosyonal na suliranin ng mga kabataan (adolescence / puberty).



**Shiga Prefectural Mental Health Center**
**[Para sa Reserbasyon] Tel: 077-567-5023 (Lunes ~ Biyernes 1:00pm-4:30pm)**



## Natatanging Paksa ukol sa Pondong Pang-edukasyon
## ～ Upang makapag-aral ng may panatag na kalooban ang mga bata ～

Kahit na iba't-iba ang halaga ng gastusin sa edukasyon depende sa uri ng paaralan, kurso, at iba pa, kinakailangan ang malaking halaga sa tuwing papasok ang isang bata sa mas mataas na antas ng paaralan na maaaring magpabigat sa budget ng pamilya. Dahil dito, mas mapapanatag ang kalooban kung unti-unti itong paghahandaan sa pamamagitan ng paggamit ng mga plano tulad ng pag-iipon ng pondo sa bangko para sa edukasyon at ang pagkuha ng seguro para sa bata na may kasama ng educational insurance ng mga kumpanya sa seguro, habang maliliit pa ang inyong mga anak. Para sa pamilya na sa pang-pinansiyal na kadahilanan ay hindi kaya ang pagpapaaral ng bata, mayroong mga sistemang tumutulong para rito, mga scholarship at mga sistema ng pagpapautang sa gastusin sa edukasyon.




### * * * Sistema ng Suporta sa Edukasyon * * *

**1. Elementarya at Junior High School - Walang bayad ang matrikula.**

◆**Sistema ng suporta sa pag-aaral** ("Syuugaku enjo seido") Ito ay isang sistemang tumutulong sa gastusin sa mga gamit at pagkain sa paaralan (school lunch) para sa mga magulang na nahihirapan sa pagpapaaral ng kanilang anak. Info Municipal Board of Education

**2. Senior High School at iba pa**

◆**Sistema ng Tulong Pantustos para sa Pag-aaral sa Senior High School** ("Koutou gakkoutou syuugaku shienkin seido") Ang "tulong-pantustos para sa pag-aaral" ay direktang ibibigay sa paaralan, pampubliko man o pribado, bilang tulong sa pagbabayad ng matrikula sa senior high school para sa mga pamilyang nagbabayad ng mababa sa halagang 304,200 yen bilang "buwis sa kanilang munisipyo".

Info Prepekturang sumasakop sa paaralan

◆**Mga Natatanging Tulong na Pinansiyal para sa Pag-aaral sa mga Pribadong Senior High School sa Shiga** ("Shiga-ken shiritsu koutou gakkoutou tokubetsu syuugaku hojokin") Kapag binawasan o hindi na pinabayaran ang matrikula (exemption) ng isang pribadong senior high school, ang pagsasagawa nito ay pangangasiwaan ng korporasyong binuo ng kinauukulang paaralan.

Info Shiga Prefecture General Affairs Department, General Affairs Division TEL: 077-528-3114

◆**Sistema ng Pagbibigay ng Karagdagang Scholarship sa Senior High School** ("Koukouseitou syougaku kyuufukin seido") Ito ay isang sistemang tumutulong upang mabawasan ang gastusin sa edukasyon bukod pa sa matrikula para sa mga pamilyang may estudyante sa senior high school na mababa ang kinikita (income).

Pampublikong Senior High School: Info Shiga Prefectural Board of Education, General Education Division TEL：077-528-4587
Pribadong Senior High School: Info Shiga Prefecture General Affairs Department, "Shigaku Daigaku Shinkō-ka" TEL：077-528-3271

**3. Pamantasan** May mga pamantasan na mayroong sariling sistema ng scholarship ("gakunai syougakukin"), pagbawas o exemption sa pagbabayad sa matrikula ("jyugyouryoutou genmen seido"), pagpapaliban ng paniningil ng mga bayarin ("chousyuu yuuyo seido"), atbp.

◆**Sistema ng Exemption sa Pagbabayad ng Matrikula sa mga Pambansa at Pampublikong Pamantasan** ("Kokkouritsu daigaku jyugyouryou menjo seido") Isang sistema na kung saan ang mga pambansa at pampublikong pamantasan ay nagbibigay ng exemption sa pagbabayad ng matrikula para sa mga estudyante ng mga pamilyang mababa ang kinikita.

### * * * Scholarships * * *

Mayroong 2 uri ng scholarship: **Grant** (ipinagkaloob / hindi kailangang bayaran) at **Loan** (ipinahiram / kailangang bayaran). Bukod sa scholarship na ipinagkakaloob ng lokal na pamahalaan at mga pribadong organisasyon, mayroon ding mga paaralan na may sariling sistema ng pagbibigay ng scholarship. Kumuha ng mga impormasyon ukol rito sa tanggapan ng paaralan.
May iba't-ibang kundisyon sa pagkakaloob at pagpapahiram ng scholarship (may pagkakataong hindi maaaring tumanggap ng higit pa sa isang scholarship), subalit madalas na ang kakayahan ng estudyante sa paaralan at ang pangkabuhayang kalagayan ng pamilya ang nagiging pamantayan sa pagsusuri para rito. Nagkakaiba ang petsa ng pagpapasa ng kahilingan (application) sa bawat scholarship kaya't tiyakin muna ito.

***** Sa mga sumusunod: **G** = **Grant** **L** = **Loan**

**L** **Japan Student Services Organization (JASSO) Scholarship** Ito ay para sa mga estudyanteng mag-e-enrol sa graduate school, pamantasan, junior college, technical college at specialized training college (post-secondary course). Mayroong 2 uri ng scholarship: iyong may interes (tubo) sa hiniram na pera at iyong walang interes. May iba't-ibang sistema ng scholarship na tulad ng pagpapaliban sa itinakdang petsa ng pagbabayad hanggang sa magkaroon ng pirming kinikita ang estudyante. Info Japan Student Services Organization http://www.jasso.go.jp/

**L/G** **Scholarship ng munisipyo** May mga munisipyo na may sariling programa ng scholarship. Info Tanggapan ng mga lungsod at bayan

**L** **Scholarship ng mga kumpanya ng pahayagan (diyaryo)** Isang sistema na kung saan ang isang estudyanteng magta-trabaho bilang tagapaghatid ng diyaryo habang nanunuluyan sa hinandang tirahan para sa kanila ay pahihiramin ng kumpanya ng pahayagan para sa gastusin sa kanilang pag-aaral. Bukod sa matatanggap na sahod, mayroon ding mga kumpanya na hindi na pinababayaran ang hiniram na pera kapag ang estudyante ay nagtrabaho sa kanila hanggang sa pagtatapos nito (graduation). Info Mga kumpanya ng pahayagan

**G** **Scholarship para sa mga naulila sanhi ng sakuna sa trapiko (traffic accidents)** Ito ay para sa mga naulilang bata sa elementarya, junior high school o senior high school na nakatira sa Shiga na ang magulang ay naging biktima ng sakuna sa trapiko.

Info Orizurukai, Shiga Prefecture Transportation Strategy Division TEL：077-528-3682

**G** **Scholarship buhat sa Scholarship Foundation para sa mga naulila sanhi ng sakuna sa trapiko** Para sa mga naulilang estudyante sa senior high school o mas mataas pang paaralan na ang mga magulang ay naging biktima ng sakuna sa trapiko http://www.kotsuiji.com/howto/

**L** **Ashinaga Scholarship Organization** Para sa mga estudyante sa senior high school, pamantasan, specialized training college, iba't-ibang paaralan at graduate school na ang magulang ay namatay sa sakit, aksidente (maliban sa aksidente sa trapiko sa daan), pagpapakamatay o kaya naman ay kawalan ng kakayahan ng magulang na maghanap-buhay dahilan sa isang naging malubhang kapansanang hindi gumagaling.

Info http://www.ashinaga.org/grant/index.html

L/G **Nihon kyouiku koumuin kousaikai** TEL: 077-526-1356

L Para sa mga estudyante sa graduate school, pamantasan, technical college (koutou senmon gakkou), specialized training college / post-secondary course (sensyuu gakkou senmon katei)

G Para sa mga estudyante sa senior high school sa loob ng Shiga

G **Kawamoto bunkyou fukushi shinkoukai** Para sa mga estudyante sa senior high school sa loob ng Shiga TEL: 077-525-9219

## ◎◎◎ Scholarship para sa mga Dayuhan ◎◎◎

G **Support 21 Programa sa Pagtulong sa Pamumuhay** Para sa mga refugees mula sa Indo-China, convention refugees, mga nagbalik buhat sa China at mga long-term resident na may ninunong Hapon at ang mga anak ng lahat ng nabanggit, na pumapasok sa senior high school, vocational school at kolehiyo (maaari rin iyong may plano pa lamang mag-enrol). http://support21.or.jp TEL：03-5449-1331

**Ichiro and Jinko Tsuboi Student Support Program** Para sa mga refugees, long-term resident na may ninunong Hapon o mga nagbalik buhat sa China at ang mga anak ng lahat ng nabanggit, na estudyante sa kolehiyo (3rd year pataas) at sa graduate school (maaari rin iyong may balak pa lamang mag-enrol). http://support21.or.jp TEL：03-5449-1331

G **The Society of Mary St. Joseph Scholarship Fund** Para sa mga estudyante sa senior at junior high school o elementarya na nangangailangan ng pinansiyal na suporta. http://www.marianist.jp/sm/scholarship080425_2/
TEL：03-5232-8910 (Sumitomo Mitsui Trust Bank, Retail Consignment Business Division)

G **Biwako Scholarship** Para sa mga estudyante na nagbuhat sa ibang bansa at sa mga estudyante sa kolehiyo at junior college na may dayuhang nasyonalidad sa Shiga. (Simula sa taong 2016, hindi na sakop ng scholarship na ito ang mga senior high school.) http://www.s-i-a.or.jp/gaikokuseki/syougaku/ Info Shiga Intercultural Association for Globalization (SIA) TEL：077-526-0931

## ＊＊＊ Sistema ng Pagpapautang para sa mga Gastusin sa Pag-aaral ＊＊＊



▼**Life Welfare Fund Loan System / Educational Loan** (“Seikatsu fukushi shikin kashitsuke seido kyouiku kashitsuke”) Para sa mga pamilya na mababa ang kinikita. Info Shiga Prefecture Council of Social Welfare TEL：077-567-3903

▼**Shiga Prefecture Scholarship Fund** (“Shiga-ken syougaku shikin”) Para sa mga estudyante ng senior high school na nahihirapan sa gastusin sa paaralan. Info Pinapasukang paaralan Info Shiga Prefectural Board of Education, General Education Division TEL：077-528-4587

▼**Shiga Prefecture Senior High School Part-time and Correspondence Course Scholastic Subsidy** (“Shiga-ken koutou gakkoutou teijisei katei / Tsuushinsei katei syuugaku syoureikin”) Para sa mga nagtatrabahong kabataan na pumapasok sa part-time o correspondence course sa senior high school na nahihirapan sa pag-aaral sa pang-kabuhayang kadahilanan. Info Shiga Prefectural Board of Education, General Education Division

▼**Single Parent / Widow Welfare Fund School Loan, Loan System for School Entrance Preparations** (“Boshi fushi kafu fukushi shikin no syuugaku shikin, syuugaku shitakukin no kashitsuke seido”) Para sa mga pamilyang iisa ang magulang. Info Shiga Prefecture Health Care and Welfare Department, Children and Youth Bureau TEL : 077-528-3554 （Para sa mga taga-Otsu, tumawag sa Otsu Children and Family Division TEL : 077-528-2686)

☆Hindi na kailangang bayaran ng isang estudyante ang hiniram na pera kung pagkaraang makapagtapos ng pag-aaral sa isang welfare school o medical school (tulad ng para sa doctor, nurse, caregiver, nursery teacher) ay kumuha siya ng kwalipikasyon at nagtrabaho sa isang institusyon sa loob ng ilang panahon. Bukod pa sa mga sistema ng pagpapahiram ng pera ng mga lokal na pamahalaan na tulad ng nakasulat sa ibaba nito, may ilan ding mga ospital na nagsasagawa ng kanilang sariling sistema. May panahon na ito ay hindi ipinatutupad kung kaya’t mangyaring ito ay tiyakin muna bago mag-apply.

▼**Shiga Prefecture Nursery Teachers Scholastic Fund Loan System** (“Shiga-ken hoikushi syuugaku shikin kashitsuke seido”) Para sa mga estudyante ng isang training school para sa mga nursery teacher. Info Shiga Prefecture Council of Social Welfare TEL：077-567-3925

▼**Shiga Prefecture Care Workers Scholastic Fund Loan System** (“Shiga-ken kaigo fukushishitou syuugaku shikin kashitsuke seido”) Para sa mga estudyante ng isang training school para sa mga care worker. Info Shiga Prefecture Council of Social Welfare TEL：077-567-3925

▼**Shiga Prefecture Scholastic Fund Loan System for Nursing Personnel** (“Shiga-ken kango shokuin syuugaku shikin taiyo seido”) Para sa mga estudyante ng isang training school para sa mga nurse Info Shiga Prefecture Medical Welfare Department and Health Care Division TEL：077-528-3611

## ＊＊＊ Educational Loan (Pagpapautang para sa Edukasyon) ＊＊＊

Ang educational loan, tulad ng scholarship ay isang popular na hakbang na nakakatulong sa mga gastusin sa pag-aaral na mas mababa ang interes kung ikukumpara sa karaniwang loan. May sari-saring uri ng loan para sa iba’t-ibang layunin na hindi lamang para sa gastusin sa kolehiyo kundi para rin sa pag-aaral ng mga estudyante sa elementarya at junior high school sa tutoring school, atbp. Bukod sa “National Student Loan” ng Japan Finance Corporation, ang mga bangko ay nagbibigay rin ng educational funds.
＊Para sa mga dayuhan, kadalasang kinakailangan ang pagiging permanent resident upang makapag-apply.
Mangyari pong ito ay tiyakin muna.

▼**National Student Loan** (“Kuni no kyouiku loan”) http://www.jfc.go.jp/n/finance/search/ippan.html
Info Educational Loan Call Center TEL：0570-008656

# Restawran Sa Ibang Bahagi Ng Mundo

Binisita ng Mimitaro ang “El Dorado” isang Brazilian restawran na malapit sa istasyon ng JR Nagahama  at dito’y nakausap namin ang tagapamahala na si Ginoong Valdemir Davi da Silva.



Ako at ang aking asawa na si Maria

Nagsimula ang aming pamilya na magpalakad nang Brazilian restawran 2 taon ang nakakaraan.  Unang dating ko sa Japan ay noong taong 1994. Noong panahong iyon ay sa Hokkaido at Gumma ako at ang aking asawa nagtrabaho. Pagkatapos ay bumalik at nanirahan kami sa Brazil nang 10 taon. Naisipan uli naming bumalik ng Japan sa inasahang manirahan dito nang 5 taon. Nagtrabaho kami sa factory ng Shiga. Pagkalipas nang 5 taon, pinag-usapan ng aming pamilya ang hinaharap at gusto ng buo kong pamilya na manatili ng Japan. Gusto naming magkaroon nang matatag na pamumuhay kung kami’y maninirahan sa Japan kaya nagdesisyon kaming bumili ng sarili naming bahay. Habang nagpo-proseso kami nang pagbili ng bahay ay bumagsak ang ekonomiya na ang dahilan ay ang pagkalugi ng Lehman Brothers. Ang asawa ko ay nag-aalala at sinabi niyang, “sa pagbaba ng ekonomiya, bibili pa ba tayo ng bahay?” Ang sabi ko sa kanya “ang hindi magandang ekonomiya ay muling bubuti. Kung mawalan man tayo ng trabaho, muli tayong makakakita nang panibago.” Sa huli, pareho kaming tumigil sa trabaho. Naisip namin na pagkakataon na ito upang kami ay makapagpahinga. Nang panahong iyon ay nagkaroon kami ng maraming oportunidad para makasama ang aming mga kaibigan na kumain sa aming bagong bahay. Nagustuhan ng aming mga kaibigan ang inihandang pagkain ng aking asawa kaya’t minsan ay nakikiusap sila upang gumawa ng “lunch box” para sa kanila ang aking asawa. Sa umpisa pa lamang ay nagsikap na kami sapagkat nais namin talagang makapagbukas ng sarili naming restawran. Ito ang aming pangarap. At dahil sa naging masikip na ang aming kusina sa dami ng order na aming natatanggap, nagkaroon kami nang pagkakataong umupa ng isang pwesto. Ito ang dahilan ng aming desisyon na buksan ang restawrang ito.

Nagtrabaho din ako noon sa restawran sa Brazil noong ako ay 11 taong-gulang upang makapag-ipon ng perang pantustos sa aking pag-aaral dahil sa hindi naman kami mayaman. Ito ay isang bar (parang isang café). Sa edad na 15 ay lumipat ako sa isang medyo malaking restawran. Natutunan ko ang ukol sa negosyo ng restawran mula sa pagluluto, pagtanggap ng mga kostumer,  sa pagseserbisyo, at accounting. Nakilala ko ang aking asawa nang panahong ito. Kapatid siya ng may-ari ng restawran. Bukod sa negosyo ng restawran, nagpapatakbo rin ako ng isang tindahan ng mga pagkain. Sa aking mga naging karanasan, batid ko na hindi madali ang trabaho sa larangan ng pagkain. Upang mabuksan ang restawran na ito, dumalo ako sa ibinibigay na panayam ng opisina sa kalusugan. May lisensiya ako para mamahala ng restawran at nagkakaroon ng regular na pag-i-inspeksyon ang health office.  Ang food poisoning (pagkalason sa pagkain) ang aking laging ikinakabahala. Binibigyan ko ng atensiyon hindi lamang kung paano ang pag-iimbak ng mga pagkain at inumin kundi pati na rin ang pag-deliver ng mga lunch boxes. Inilalagay ko ang mga pagkain sa mga kahon ng styrofoam na may malamig na mga pakete sa paghahatid at sinasabi ko sa mga kostumer na kainin agad ang pagkain.

Ngayon ang aming negosyo ay ang pagbebenta nang mga lunch boxes at ang aming restawran. Ang pangunahing negosyo ng restawran ay ang mga pagkain sa pananghalian, subali’t may mga parokyano ring umaarkila nito para sa mga parties. Gumagawa kami ng mga lunch boxes 2 beses sa isang araw. Para sa tanghalian at para na rin sa hapunan. Hinahati namin ang trabaho sa miyembro ng aming pamilya sa paghahatid ng mga pagkain sa mga pabrika o sa bahay ng mga kostumer. Pinapalitan naming ang menu ng mga lunch box araw-araw para hindi magsawa ang mga kostumer. May 3 laki ang mga lunch boxes: small, medium at large. May mga kostumer na kumakain ng aming lunch boxes araw-araw sa loob nang 2 taon. Ito ay labis kong ikinakatuwa. Hindi maganda ang ekonomiya sa ngayon. Subalit ang pagkain nang tama ay kailangan para makapagtrabaho nang mahusay. Dahil sa kagustuhan kong maraming tao ang makakain nang tama, ibinebenta ko sa napakamurang halaga ang mga pagkain. Kaya hindi masyadong tumutubo ang aming restawran. Hindi ko rin iniisip na kumitang masyado sa restawran. Tama na sa akin ang kaunting tutubuin. Kung ako ay tatanungin ninyo sa pagkakaiba ngayon at noong ako ay nagtatrabaho pa sa pabrika, masasabi kong ginagawa ko ang gusto kong gawin sa trabaho ko ngayon at wala akong boss kundi ang aking sarili. Pero para sa akin, napakayaman ko dahil meron akong pamilya, magandang kalusugan, bahay na kahit may binabayarang utang (loan), at isang restawran.

Tinuruan ako ng aking ama na “kung may respeto ka sa tao at may edukasyon, magiging maayos ang iyong buhay saan ka man pumunta”. Noong aking ika-20 kaarawan, sinabi ng aking ama na may luha sa mata na “wala akong nagawa kahit na ano para sa iyo”. Sinagot koi to nang, ”binigyan mo ako  ng pinakaimportanteng bagay sa buhay”. Dahil may pagkakataong naranasan ko ang magtrabaho buong araw at kumain ng isang pirasong tinapay, alam ko ang kahalagahan ng aking narating ngayon at kung gaano kahalaga ang isang pirasong tinapay sa panahon ng mga pagsubok. Kapag nagdi-deliver ako nang mga lunch boxes, nakikita ko ang buhay ng iba’t-ibang tao. Ang iba ay nahihirapan sa paghahanap ng trabaho, ang iba ay may sakit. Kahit sino pa sila, lahat sila ay aking kaibigan. Mga nagsisikap kahit malayo sa sariling bansa. Sa mundong ito na marami ang kakumpitensiya, maghahatid kami ng mga lunch boxes na nagmumula sa puso.

Ang aking paboritong kasabihan  ay “ang pinagmulang bansa ang nagbigay sa iyo ng tinapay”, Para sa akin, napakahalaga ng bansang Japan tulad ng aking pinakamamahal na pinagmulang bansang Brazil. Hindi lang mga Latin American ang kumakain sa aking restawran, kundi pati na rin ang mga kostumer na Hapon. Sila ay palaging nagugulat sa dami ng pagkain kaya’t umoorder lang sila nang kaunti. . Ang aming malaking pangarap  ay ang makapagbukas ng isang Churrasco restaurant  (isang Brazilian BBQ restaurant) balang araw, upang mas lalong masiyahan ang mga kostumer sa aming pagkain.

Tagapaglathala: Shiga Intercultural Association for Globalization (SIA)
(Agosto 2016)
2F Piazza-Omi, 1-1-20 Nionohama, Otsu city, Shiga , 〒520-0801
TEL 077-526-0931 FAX 077-510-0601
e-mail siamail@mx.bw.dream.jp
URL http://www.s-i-a.or.jp

＊Nasa Facebook na rin kami !

Ang pamphlet na ito ay hango sa "Mimitaro", isang pahayagang inilalathala ng SIA para sa impormasyon ng mga dayuhan (lumalabas tuwing ika-2 buwan), buhat sa tinipong mga artikulo sa inilabas nitong serye na ang tema ay "Mga Estratehiya Tungo sa Pagtupad ng Pangarap".